

Gawing Dakila ang Rainier Beach! – Isang Panawagan sa Pagkilos

Plano ng Pagkilos para sa Pagbabago sa Kapitbahayan ng Rainier Beach

Ang Panawagan sa Pagkilos na ito ay isang dokumento na babaguhin at mag-aangkop sa paglipas ng panahon habang isinasagawa ng komunidad at Lungsod ang mga plano sa kapitbahayan. Ang mga prayoridad sa ibaba ay bahagi lamang ng nilalaman ng plano na isasagawa ng Rainier Beach sa mga sumusunod na mga taon. Kinakatawan ng mga ito ang mga plano na isasagawa ng Rainier Beach sa mga susunod na mga taon.

Ang kapitbahayan ng Rainier Beach ay tahanan sa mga taong mula sa iba't-ibang bahagi ng mundo, na may higit sa anim na pung (60) wikang ginagamit. Mas maraming imigrante at “refugees” na naninirahan dito kaysa sa ibang kapitbahayan sa Seattle, at mas maraming Aprikano-Amerikano na pinipili ang Rainier Beach na maging tahanan nila. Ang iba't-ibang kabuhayan ay nagpapalakas sa Kapitbahayan. Ang mga tindahan ay nagtitinda ng mga internasyonal na kalakal, ang mga parke at piyer/pantalan ay nagpapasigla sa baybayin ng Lake Washington at may mga daanan para mapasyalan ang natural na ganda ng mga burol na maraming punong kahoy at mga sapa. Ang kapitbahayan ay may istasyon ng tren, aklatan at maraming paaralan.

Isang Lugar Para sa Lahat – Lahat ng mga matagal na at bagong residente ng Rainier Beach ay mayroong paraan sa kaligtasan, maginhawa at abot- kayang pabahay, daan sa tren, at sa iba't ibang masisiglang sentro ng komersyo.

Aksyon 1 (halimbawa) – Maayos at Murang Pabahay para sa Lahat: Makagawa at maayos muli ang iba't ibang klase ng pagpipiliang pabahay na nagbibigay ng kaligtasan, maginhawa at abot-kayang pabahay para sa lahat ng antas ng kita upang lumikha ng patas na kapitbahayan at makabawas ng malaki sa bilang ng mga taong umaalis sa kanilang mga tahanan.



Aksyon 2 (halimbawa) – Malakas at Matatag na Kultural na mga Distritong Komersyal sa S. Rose Street, 57th Ave S., at Renton Ave. & Henderson: Ang mga distritong ito ay mahalaga sa kanilang mga komunidad; nagbibigay ang mga ito ng mga kalakal at serbisyo sa iba't ibang kultural na komunidad at ang mga ito ay may mataas na posibilidad na mapaalis. Ang mga negosyante, miyembro ng komunidad at ahensya ng pamahalaan ay nagtutulungan upang maging malakas at matatag ang mga distritong ito.

Aksyon 3 (halimbawa) – Gumawa ng proyektong eksperimental sa Transit Shuttle/Connector Route sa pagitan ng Light Rail, sa taas ng Rainier Beach at sa ating tatlong Komersyal/ Kultural na mga distrito upang mas maranasan ng mga bisita at residente ang mayamang pagkakaiba-iba ang ating kapitbahayan.

Aksyon 4 (halimbawa) – Pagbutihin ang pagkakapantay-pantay ng mga mag-aaral patungkol sa transportasyon kabilang ang pagbabawas ng pamasaha, ligtas at nasa oras na ruta papunta sa paaralan.

Habangbuhay na Pag-aaral – Ang Rainier Beach ay tahanan sa mga pampubliko at pribadong edukasyonal na institusyon, na may kakayahan na magbigay ng pormal at di-pormal na edukasyon sa lahat ng limang libung (5,000) residente. Bilang nasa pinaka-magkakaibang “zip code” sa bansa, ang mga residente ng Rainier Beach ay kumakatawan sa mayamang karanasang kultural. Sa pamamagitan ng sadyang pagtanggap ng mga paaralan sa mga komunidad, parehong maiaangat ang mga paaralan at kapitbahayan.

Aksyon 1 (halimbawa) – Matagumpay na Edukasyon para sa Lahat ng mga Bata: Ang mga magulang, programang pangkabataan, organisasyong batay sa kultura, at organisasyong batay sa pananampalataya ay nagtutulungan upang ang lahat ng mga bata sa Rainier Beach ay magkaroon ng magandang kinabukasan.

Aksyon 2 (halimbawa) – Gumawa ng Panlahat na iba ibang Kultural na Sentro: Isang lugar kung saan ang mga organisasyon na batay sa kultura at maaaring magsama-sama sa kabila ng mga kultural na limitasyon upang magbigay ng serbisyo sa kanilang mga kababayan at magpalitan ng mga



Gawing Dakila ang Rainier Beach! – Isang Panawagan sa Pagkilos

Plano ng Pagkilos para sa Pagbabago sa Kapitbahayan ng Rainier Beach

alalahanin. Ito rin ay isang lugar kung saan ang mga tao (mga kabataan sa pamamagitan ng mga matatanda) na may iba't ibang pinanggalingan ay maaaring bigyang-pansin ang kanilang mga tradisyon, pagtibayin ang kanilang mga sarili at magbigay-alam sa iba sa mga pamamaraang higit pa sa maglabel sa kapwa.

Pagtatanim ng Pagkain para Makabuo ng Malusog na Industriya – Ang Rainier Beach ay may natatanging pagkakataon na pagsamahin ang mga bukirin at pang-industriyang lugar para maging isang sentro ng pagkain at produksyong agrikultural.



Aksyon 1 (kasalukuyanang isinasagawa) – Ang Rainier Beach Urban Farm at Wetlands na proyekto, higit na sampung (10) eker na nasa dating Atlantic City Nursery, ay magbibigay ng maraming mga pagkakataon para sa produksyon ng pagkain, mga klase sa organikong paghahardin, mga karanasan sa “cross-cultural” na pagkain, edukasyon para sa mga kabataan at pagsasanay upang makapagtrabaho.

Aksyon 2 – Ang Pagkain ay Lumilikha ng mga Trabaho at Nag-uugnay ng mga Tao: Bumubuo ng alternatibong sistema sa pamamahagi ng pagkain na lumilikha ng mga trabaho at nagpapakita ng ating iba ibang – kultural na tradisyon sa pagluluto. Ang mga residente sa kapitbahayan ay tuturuan tungkol sa produksyon ng pagkain, pinagmulan at nutrisyon. Mga bagong trabaho at masasarap na pagkaing kakainin!

Aksyon 3 – Ang Rainier Beach ay sentro ng modernisasyon sa produkto ng pagsasaka sa hinaharap na ekonomiya: Ang lugar para sa maliliit na industriya sa Martin Luther King Way South, kasama na ang madaling paraan sa tren at I-5, ay ang mga dahilan kung bakit ito ay maaaring maging lokasyon upang suportahan ang modernisasyon.

Isang Maganda, Ligtas na Lugar – Ang pagpapalakas ng kapitbahayan sa pamamagitan ng pagpapaganda ng pitumpu't dalawang porsiyento (72%), sa aktibidad ng publiko, at kung tayong lahat ay sama-samang nasa kapitbahayan, may pagkakataon tayong makilala ang isa't isa. Pagtutuunan ng pansin ang planong pagkilos na ito ang mga lugar sa kapitbahayan na kailangan ng pisikal na pagpapabuti katulad ng ilaw sa kalsada, mga marka sa tawiran at pampublikong sining. Ang pagsisikap na ito ay isasagawa kasabay ang plano sa pampublikong kaligtasan.

Aksyon 1 (kasalukuyang isinasagawa) – Mga minarkahang bato: Ang Walking Tour ng Rainier Beach ay magbibigay-pansin sa mga lugar na mayroon at magpapakita ng kasaysayan ng kapitbahayan, kultura at mga kwento. Pag-uugnayin rin nito ang mga miyembro ng komunidad sa mga impormasyong tungkol sa mga pampublikong proseso na humubog sa ating kapitbahayan.

Aksyon 2 (halimbawa) – Pagsama-samahin ang lahat ng tagapagtaguyod ng pampublikong kaligtasan sa ating kapitbahayan upang makabuo ng samahan na gagamit ng isang komprehensibong planong pangkomunidad na makapagbabawas ng mga krimen sa Rainier Beach ng dalawampung porsiyento (20%).

Aksyon 3 (halimbawa) – Hikayatin na mapanindigan ang kasanayan sa paggawa sa pamamagitan ng pagpapadali sa proseso ng pagkuha ng permit sa Lungsod ng Seattle para sa mga makabagong istruktura at pagpapaganda ng tanawin.



PARA SA IBA PANG IMPORMASYON

Sa Plano ng Kapitbahayan ng Rainier Beach :

<http://www.seattle.gov/neighborhoods/np/plans.htm> (Piliin ang iyong Kapitbahayan sa “window”).

Sa Pagbabago sa Plano ng Kapitbahayan ng Rainier Beach

<http://www.seattle.gov/dpd/Planning?NeighborhoodPlanning/NeighborhoodPlanUpdates/default.asp>